# *Isang Batayang Ganap*

Salamat, kapatid. Salamat, Kapatid na Hoekstra.

Magandang gabi, Houston. Tunay na itinuturing ko ito na isang malaking pribilehiyo, na makaparito uli ngayong gabi sa Houston. Maraming taon na pala mula noong magkaroon ako ng pribilehiyo na makaparito. At nakaupo ako't, nakikinig ngayong gabi sa bawat tagapagsalita rito.

2 At noong isang araw, noong iiskedyul ko 'yung pagpunta sa isang bagay, sa ibang lugar, at nalaman ko na humaharap sa kamatayan ang mga kabataang 'yun, naisip ko, "Kung may mangyari sa mga kabataang 'yun, hindi ko mapapatawad ang sarili ko," kung hindi nga ako nagpunta para magbigay ng opinyon ko at para gawin ang lahat ng makakaya ko, para tulungan ang nanay at tatay roon, at ang mga kabataang 'yun, at gawin ang lahat ng makakaya ko para mailigtas ang mga buhay nila.

3 At ang Houston po'y . . . isang lugar ng alaala para sa akin. Maraming magagandang alaala ang dala nito na noon pa ma'y itinatangi ko na mula noong una akong bumisita rito maraming taon na ang nakalipas, dito sa Herald Of Faith, kina Kapatid na Kidson, at dito rin sa awditoryum noong nandito ako kasama si Kapatid na Raymond Richey at ang mga ministro ng lungsod.

4 At pagkatapos, hayan din, sina G. Ayers, G. Kipperman, noong gabi na pinatunayan nung kamera na hindi ako nagsasabi ng anumang mali. Ito'y Katotohanan. At noong makuhanan ng mekanikal na mata ng kamera 'yung pangitain tungkol sa . . . o, hindi po pala pangitain; kundi realidad mismo. Na ang Cristo na ipinapangaral natin at lubos na minamahal, ay kasama natin, dahil nangako Siya na sasamahan tayo, at nakuhanan ng kamera ang litrato Niya. Maraming beses ko nang nasabi, sa mga nagdaang panahon, na—na lagi kong nakikita ang Liwanag na 'yun. Pero kung minsan nga'y medyo nagdududa ang mga tao tungkol Dito, na sa tingin n'yo may dahilan sila kung bakit sila ganoon, pero noong gabing 'yun ay pinatunayan nito mismo. Yun 'yung unang pagkakataon na nakuhanan Ito.

5 Simula noon, makailang ulit na Itong nakuhanan. Sa Alemanya nito-nito lang, habang bumababa, noong naroon ang pahid, at noong bumalik Itong muli. At 'yung mga bagay na 'yun ay hindi para manluwalhati ng kung sinong tao, bagkus para pagtibayin ang Presensya ni Jesus Cristo na nasa gitna ng Kanyang mga tao.

6 At nananampalataya tayo na ang Panginoong Jesus ding 'yun ay narito ngayong gabi, para tulungan tayo sa kasong ito. At naniniwala ako na higit Siyang interesado ukol dun kaysa sa

maipapakita nating interes kahit kailan. At tunay po na dama ko 'yung pakiramdam nung mga magulang nung mga kabataan, at nakikiisa ako nang balikat-sa-balikat sa bawat lalaki't babae na nagsusumikap na mailigtas ang mga bata mula sa mga pangil ng kamatayan.

7 At, ngayon, sa pagkaunawa ko'y hindi ito isang rebaybal na pagtitipon, kundi isa lamang—isa lamang serye ng mga pagtitipon para sa pananalangin na idinadaos para sa mga kaluluwang ito na nararatay sa mga anino ng kamatayan. At mangyaring atrasado ang dating ko. Hindi na ako magsasalita nang matagal.

8 Pero nais kong humango ng isang teksto, o isang konteksto, pala, mula sa teksto na nais kong basahin sa dalawang dako sa Kasulatan. At kayong mga may Biblia, sige't samahan n'yo akong bumuklat pansumandali, sa Aklat ng mga Taga-Filipos, sa unang kabanata, at sa ika-20 talata ng unang kabanata ng Mga Taga-Filipos.

> *Ayon sa aking maningas na* mga paghihintay *at pagasa, na sa anoma'y hindi ako mapapahiya, kundi . . . sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayon din naman ngayon ay dadakilain si Cristo sa aking katawan, maging sa . . . kabuhayan, o sa . . . kamatayan.*

9 Tapos dito, rin, sa Aklat ng Mga Gawa, sa ika-2 kabanata at ika-30 talata. Marahil babasahin ko ang ika-25 hanggang ika-30.

> *Sapagka't* sinabi *ni David tungkol sa kaniya,* sapagkat *nakita kong lagi ang Panginoon sa aking harapan, sapagka't siya'y nasa aking kanang kamay, upang huwag akong makilos:*
>
> *Dahil dito'y nagalak ang aking puso, at natuwa ang aking dila; pati naman ang aking laman ay mananahan sa pagasa:*
>
> *Sapagka't hindi* ko *iiwan ang kaluluwa ko sa hades, ni titiisin* ko *man na ang* iyong *Banal ay makakita ng kabulukan.*
>
> Ipinakilala *mo sa akin ang* daan *ng buhay;* pupuspusin *mo ako ng kagalakan sa harap ng iyong* mukha.
>
> *Mga kapatid, malayang masasabi ko* sa *inyo ang tungkol sa patriarkang si David, na siya'y namatay at inilibing, at nasa atin ang kaniyang libingan hanggang sa araw na ito.*
>
> *Palibhasa nga'y isang propeta, at sa pagkaalam na may panunumpang isinumpa ng Dios sa kaniya, na sa bunga ng kaniyang baywang, ayon sa laman, ay ilulukIok niya si Cristo sa kaniyang luklukan;*

*Palibhasa'y nakikita na niya ito ay nagsalita tungkol sa pagkabuhay na maguli ng Cristo, na siya'y hindi pinabayaan sa hades, ni* ang kaniyang katawan man *ay hindi nakakita ng kabulukan.*

10 Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali para sa pananalangin.

11 Makalangit naming Ama, kami po'y nagpapasalamat sa Iyo para sa awa. At tunay po, Panginoon, na 'yun ang dahilan kung bakit kami naparito ngayong gabi, ay para humingi ng awa. Hindi namin hihilingin ito kung wala kaming pananampalataya para maniwala na ipagkakaloob ito sa amin. Nag-eroplano pa ang mga tao mula sa iba't ibang panig ng bansa, at may idinudulog na mga panalangin mula sa lahat ng dako, sa Iyo, para ang mga buhay nila na taimtim naming ipinapakiusap ngayong gabi ay mabigyan ng habag. Panginoon, humihiling po kami ng kalakasan para sa mga nanay at tatay ng mga kabataang ito.

12 At sa pagkakaunawa namin, heto, na inilaan na ng binatang ito ang kanyang buhay sa Iyo at nais niyang maglingkod sa Iyo. At gaya ng narinig namin na nabanggit ng isa sa mga tagapagsalita, na, gusto ng kabataang ito na maging ministro ng Ebanghelyo, dalangin ko, Diyos, na Iyong ipagkakaloob ang pagkakataon na ito sa naturang binata.

13 Patawarin Mo po kami sa mga pagkakasala namin, linisin Mo po ang mga puso namin mula sa masasamang pag-iisip, at pati sa anumang bagay sa aming daan na magiging hadlang para tugunin ang panalangin namin para sa mga tao na ito.

14 Habang binabasa namin ang Iyong Salita, alam namin na kapwa lilipas ang kalangitan at lupa subalit ang Iyong Salita ay hindi mabibigo. Dalangin namin na Iyong idaragdag sa amin, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang konteksto na aangkop, na magiging Banal Mong kalooban sa kasong ito ngayon, gaya ng narinig namin sa abogado at sa marami na nagsalita. At dalangin namin na matagpuan namin kung ano ang susunod na dapat gawin, kung ano ang susunod naming hakbang na dapat gawin. Panginoon, narito po kami para gawin ito. Ipaalam Mo po ito sa amin, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong Salita. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ng Iyong Anak, ang Panginoong Jesus. Amen.

15 Sa pagbabasa ng ilang talatang ito, haya't napagtanto ko na saktong-sakto ang okasyon, dahil may kinalaman sa alalahanin. Napaisip nga ako, noong marinig ko't matanggap 'yung telegrama nung nanay, "Paano kaya kung anak kong lalaki 'yung nakaupo sa hilera na 'yun, o anak kong babae?" At ako . . . Gusto nating ilagay ang lahat ng makakaya natin dito.

16 Pagkatapos marahil sabihin ng ilan, "Buweno, napakaliit na bahagi lang 'yun ng Salita, 'yang binasa mo, Kapatid na

Branham." Buweno, marahil totoo, din naman 'yan. Pero, kita n'yo, wala sa—wala sa laki, o sa dami ng salita. Nasa kahulugan 'yun. Ito'y—ito'y totoong . . . Ito nga'y, pangako ito ng Diyos.

17 At nais kong humango mula ngayong gabi, mula sa tekstong ito ngayong gabi, o isang teksto mula rito: *Isang Batayang Ganap*.

18 Pinili ko ang tekstong ito, kanina, habang nakaupo ako sa silid ko sa motel, dahil iniisip ko na kailangan natin ngayon ng isang bagay na sigurado, isang batayang ganap na maaari nating panghawakan at alam natin na totoo talaga ito. Sa kritikal na oras gaya nito, kinakailangan na taglay natin ang isang bagay na sigurado, tama 'yun, isang bagay na maaari nating panghawakan, para malaman mismo, kung paano tatakbo ang kaso.

19 Ngayon, ayon sa—sa Webster, ang *isang batayang ganap*, sa ganang sarili nito, ay "walang hangganan sa kapangyarihan," at pangunahing "panapos." At ang *panapos* ay isang "amen." Yun ang batayang ganap. Gaya ng ano nito . . . Yun 'yung katapusan. Yun 'yung lahat-lahat.

20 Ngayon, bawat dakilang tagumpay na nakamit kailanman sa mundo, ay nakaugnay sa isang uri ng batayang ganap. Wala kayong magagawa na anumang bagay maliban na may isang bagay kayo na maaari n'yong kapitan.

21 Kapag magpapakasal ang isang binata sa isang dalaga, kinakailangan na alam niya ang katangian ng dalagang ito. O dapat alam nung dalaga 'yung katangian nung binata, isang bagay na mapanghahawakan niya. "Ang lalaki bang ito'y magiging matuwid na lalaki? Siya ba ang tamang uri ng asawang lalaki para sa akin?" "Maibibigay kaya ng babaing ito sa akin, sa buhay ko, kung ano ang aking—kung ano ang inaasahan ko mula sa kanya, katapatan at iba pa?" At pagkatapos dapat tumunton sa dako na maibabatay nila ang kanilang—kanilang mga panata, na may kabatiran sila na may isang bagay na mananatiling matibay. At 'yan ang dahilan kung bakit dinadala natin sila sa iglesya, at sa Salita ng Diyos, para mabigkis ang batayang ganap na ito.

22 Ngayon, si Pablo rito, gaya ng nakikita natin, may batayang ganap siya na pinanghahawakan niya, nang buong buhay niya, matapos na siya'y mapagbagong-loob, 'yun ay: isang buhay na si Cristo ang sentro! At napakaganda ngang dako para magtamo ng isang batayang ganap: isang buhay na si Cristo ang sentro! Ibang buhay 'yun kaysa sa dati niyang pamumuhay, dahil ang sabi niya, "Ang buhay na ngayon na aking ipinamumuhay," na ibang-iba sa buhay na dati niyang ipinamuhay.

23 At dumating 'yung panahon na nagkaroon si Pablo ng ganoong karanasan na nagdala sa kanya sa pasya na ito. Dahil, si Pablo ay isang dakila't, makapangyarihang tao sa gitna ng

mga Judio, at isang—isang mahusay na teologo, pero hindi siya lubos na tiyak sa kinatatayuan niya. Pero isang araw, sa daan niyang patungong Damasco, isang Liwanag, Haliging Apoy, ang bumaba mula sa Langit. At si Pablo, bilang isang Judio, ay alam niya na ang Liwanag na ito, Haliging Apoy, ay yaong Bagay na gumawa nun, sa pangunguna ng Diyos sa kanyang bayan palabas ng Egipto. Yung Haliging Apoy na 'yun ang sinusundan-sundan nila. Kaya naman, bilang isang Judio, sinabi niya sa Kanya, nang walang patumpik-tumpik, "Panginoon, Sino Ka po?" Nakilala niya Siya bilang "Panginoon," pero, "Sino Ka po?"

24 At sumagot 'yung Tinig mula sa Haliging Apoy, "Ako si Jesus, at mahirap sa iyo ang sumikad sa matulis." Mula noon, napagkilala ni Pablo na ang Jehovah ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bago. At mayroon na siyang bagay na maaari na niyang panghawakan, at sa ganoon niya naisulat ang dakilang Aklat ng mga Hebreo.

25 Ngayon, kung kayo, kung sa buhay n'yo ay may batayang ganap kayo, haya't normal n'yong magagawa ang mga bagay na hindi n'yo nagagawa, lalo na kung may buhay kayo na nakasentro sa Diyos. Ibubunsod kasi nung buhay na nakasentro sa Diyos na 'yung tao'y gumawa ng mga bagay na karaniwan ay di nila nagagawa; 'yun bang sobrang kakaiba, kakatwa. Bakit lubos na kakaiba at kakatwa ang isang buhay ng Cristiano? Dahil nakatuon sila sa Salita ng Diyos, na halos banyaga sa sanlibutan ngayon.

26 Ngayon, may mga simbahan tayo, at may mga organisasyon tayo, at may relihiyon tayo, oh, napakaraming ganoon, sa buong mundo.

27 Sa pitong beses ko nang pag-iikot, mula noong makasama ko kayo rito sa Houston, marami na akong naipon na kaalaman tungkol sa mga diyus-diyosan at mga relihiyon ng mundong ito. Pero hindi 'yan ang tinutukoy ko.

28 Ang tinutukoy ko ay isang batayang ganap, ang maging konektado kay Cristo. Pagkatapos, ibubunsod kayo nun na maging isang—isang kakaibang tao. Gumagawa na kayo ng mga kakaibang bagay. Ibang-iba na ang pag-iisip n'yo kaysa sa pag-iisip n'yo dati, dahil may bagay kayo na natagpuan, na iniangkla n'yo ang isang pananampalataya sa Isa na lumikha sa kalangitan at lupa, na, ang Kanyang Mismong Salita ay lumilikha, isang Diyos Na bumigkas at ang mundo'y nalikha, at walang napakahirap para sa Kanya. Kaya ibinubunsod na kayo'y maging mapanglikha, sa sarili n'yo mismo, dahil tinatanggap n'yo ang Kanyang mga Salita. At ang isang salita'y isang kaisipang ipinahayag.

29 Ngayon, si Pablo'y nakarating sa ganoong kalagayan, kung saan siya'y hindi na lang—hindi na lang teolohikal na karanasan, ang alam, kundi nagkaroon mismo siya ng isang personal na

patotoo. Nakatagpo niya ang Diyos, at alam niya na siya'y tinawag ng Diyos. At—at walang sinuman ang makapagdidikta sa kanya ng anuman tungkol dun. Ganap siyang nakatitiyak na ang Diyos ay nananatiling Diyos. Kung magagawa lang sana 'yun ng mundo!

30 At kung ang grupong ito ngayong gabi, na nakaupo rito, ay maaalala mismo na ang Diyos ay nananatiling Diyos! May kakayahan mismo Siyang tumugon sa kasong ito kung papaanong may kakayahan Siya sa isang kaso ng Makalangit na pagpapagaling o anupamang iba. Siya'y nananatiling Diyos. At kung maitatayo natin ang mga pag-asa natin, hindi lang sa gana nating sariling pag-asa, kundi positibo nating—nating pag-iisip, na mailagak sa sinasabi Niya! At alam natin na Ito ang Katotohanan.

31 At nagiging kakatwa ang kilos ng mga tao. Para bang nalilimutan nila ang negatibong bahagi dahil nakasumpong sila ng isang batayang ganap, dahil heto ang Salita ng Diyos. Sinabi ni Jesus, "Ang kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi kailanman mabibigo." Kaya kung nasa atin ang Salita ng pangako, kung ganoon ay walang kabiguan Dito. Hindi Ito maaaring mabigo.

32 Kaya naniniwala ako—naniniwala ako na para diyan ang pagtitipon para sa pananalangin dito, ang—ang mga relihiyosong tao sa Houston, ay interesado, sa mga buhay ng tao. At 'yan ang dahilan kung bakit nagkakatipon tayo rito, ay para—ay para tawagin ang isang kapangyarihan na higit at lampas sa lahat ng mga gawang-taong batas at mga kapangyarihan, isang bagay, na Siyang nakakapagpabago sa mga puso ng mga tao, gaya ng ginawa Niya noon kay Faraon sa Egipto. At Siya'y—Siya'y Diyos. At kailangan na nating tumigil ngayon sa pagtingin sa—sa negatibong panig, at magsimulang tumingin sa positibong panig.

33 At bago kayo magkaroon ng pananampalataya, kinakailangan n'yong magkaroon ng isang bagay na mapaglalagakan ng pananampalataya. At ano pa bang mas mapagkakatiwalaan n'yong paglagakan ng pananampalataya kaysa sa Salita ng buhay na Diyos, na lumikha, itong mga kapangyarihan ng Makapangyarihan sa lahat? Ano pa bang hihigit na mapaglalagakan natin ng pag-asa natin? Kaya naman ginagawa kayo nito na magmukhang iba, umakto nang iba. Nakatuon kayo sa pagtupad ng Diyos sa Kanyang pangako. At kapag may mga kahirapan na dumarating, gaya ng mayroon tayo ngayon, Ito'y isang angkla. Isang bagay ito na—na humahawak sa inyo, bagay na kayo'y nakatali roon. Isa itong pangako na tayo'y nakatali roon, ang Salita ng Diyos nga.

34 Kung papaano mismo na ang angkla ang batayang ganap ng barko, sa oras ng bagyo. Marahil naglalayag sa dagat ang barko.

Nasa unahan ang angkla. Ito ’yung. . . Nakapirmi ito. Kayo na mga taga-Houston, na nakatira malapit sa dagat, napapansin n’yo ang mga barko kapag dumarating ang mga ito.

35 At bakit dala nito ang sobrang bigat na malaki’t matibay na angkla? Pero, kita n’yo, kapag may bagyo kasi na dumarating, kapag may—may nagngangalit na mga bagyo na humahawi sa dagat, na kayang ipadpad ang sasakyang-pandagat sa pampang sa kung saan, at pasadsarin ito, o pataubin sa mababaw na katubigan; kaya papalaot ang barko sa malalim na tubig, at ibababa nito ang napakalaki’t, dambuhalang angkla, na napakatatag na kakaladkad ’yun sa ilalim ng dagat hanggang sa kumapit ’yun sa ibabaw ng isang di-kitang bundok. Pagkatapos hayaan n’yong magngalit ’yung mga bagyo kung anong gawin nila; ang barko’y may pinagsasaligang ganap. Nakakapit ’yung angkla sa isang ibayo roon, na anupa’t ito’y—ito’y matibay. At habang humahagupit ’yung mga alon sa palibot nung barko, may pinagsasaligan itong ganap, dahil nakatali ito.

36 At ganoon ang isang tao kapag siya’y nakatali na kay Cristo at sa Kanyang Salita, at sinasampalatayanan Ito. May isang batayang ganap doon, bagay na humahawak sa kanya.

37 Ang batayang ganap ay parang tala sa hilaga kapag kayo’y naliligaw. Kapag kayo’y—kapag kayo’y nawawalan ng direksyon, at gusto n’yong mahanap ang daan n’yo pabalik, ’yung tala sa hilaga’y isang batayang ganap. Ngayon, may iba pang mga bituwin, pero umiikot sila kasabay ng mundo. Habang umiikot ang mundo sa palibot nila, ’yung. . . umiikot mula sa kanila. At ’yung (Alam n’yo ba?), ’yung tala sa umaga ay ’yung tala rin sa gabi, dahil umiikot lang ang mundo. Pero may isang bituwin na hindi gumagalaw, at nakasentro ’yun mismo sa gitna ng mundo. At kaya naman ’yung. . . Isa ’yung—isa ’yung tiyak na bituwin. Kung alam n’yo ang tala sa hilaga, sa tuwina’y mahahanap n’yo ang daan n’yo. Pero, oh, ’yan nga’y kapag ang isang tao’y naliligaw, at hindi niya alam kung sa aling daan ang dapat niyang tahakin.

38 Ngayon, may alam akong Bituwin. Oh, higit pa Ito sa tala sa hilaga. At ang matali at makita ang Kanyang Presensya, kahit na gaano pa kayong kaligaw o nasaan man kayo, matatagpuan at matatagpuan mo ang daan mo pabalik sa pamamagitan ng pangunguna Niya, ’yun ay ’yung Salita Niya. Yun ’yung daan palabas sa lahat ng mga suliranin. Daan ’yun patungo sa kapayapaan. Daan ’yun patungo sa tagumpay. Daan ’yun patungo sa Buhay, mismo, ’yung sundan ang Bituwin na ito, ang Panginoong Jesus. At ngayon, kung nakatali kayo sa Bituwin na ’yun, ang Espiritu Santo lamang ang Kompas na tuturo sa Bituwin. Ang Banal na . . .

39 Ang kompas, minamagnet ito sa direksyon ng polong hilaga. At ang tanging daan, kahit na gaano pang kakapal ang gubat

na kinaroroonan mo, o gaano mang kakapal ang kakahuyan sa palibot mo, o gaanong kakapal ang hamog sa dagat, ’yung kamay mismo ng kompas na ’yun, kahit sa anong direksyon n’yo pa ito gustong iharap, haya’t babalik at babalik ito agad at tuturo sa tala sa hilaga.

40 At kapag nasuot tayo sa problema, at nagtitiwala kay Cristo, may isang bagay na sigurado: ituturo’t ituturo tayo ng Espiritu Santo sa Salita na gagabay sa atin patungo sa Tala sa Hilaga, at ihahatid tayo sa lahat ng bagay na kailangan natin. Siya ang Batayang Ganap natin.

41 Sa taong naliligaw sa ilang, ’yung kompas ay ’yung bagay na gumagabay sa kanya palabas. Kapag tayo’y nasuot sa gusot, may isang bagay lang; na wala nang mas sisigurado pa sa tala sa hilaga. Hangga’t nananatili ang mundo sa posisyon nito, at umiikot, mananatili’t mananatili ang tala sa hilaga sa posisyon nito.

42 At hangga’t may Walang Hanggan, si Cristo sa tuwina ang mananatiling Tagapagligtas, at ang daan palabas ng bawat suliranin, bawat gusot, bawat pagsubok, bawat bagay. At kaya naman tayo—tayo, kapag tayo’y nakatali na sa Kanya, hindi tayo nagugulumihanan at nababalisa gaya ng nangyayari sa sanlibutan, “At, oh, ano nang gagawin namin ukol *dito*? Ano nang gagawin namin ukol *dun*?” Mistula bang di tayo nakaangkla. Pero ang isang tao na iniangkla na ang kaluluwa niya kay Cristo Jesus, na ang tiwala niya’y nakalagak na roon, na may kabatiran na kapag hihiling siya sa Ama ng anuman sa Kanyang Pangalan, “Sinabi ni Jesus, ‘Gagawin Ko ito.’” Yun na ’yun.

43 Yun—’yun na ’yun. Yun ’yung amen. Yun ’yung batayang ganap. Yun ’yung panapos. Noong sabihin ni Jesus, “Hingin ninyo sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan, Aking ipagkakaloob ito,” ngayon, panapos mismo ’yun. Yun na ’yun. “Anuman ang pangangailangan n’yo, kapag kayo’y nananalangin, sampalatayanan n’yo na natanggap n’yo na, matatanggap n’yo ito.” Yun na ’yun. Wala nang iba mismo, kita n’yo, kung tunay na nakaangkla’t sinasampalatayanan natin Ito, at ginawa na natin Siyang Batayang Ganap natin. Dahil, Siya talaga. Siya ang Batayang Ganap na nag-aalis sa atin mula sa lahat ng takot. Walang takot kapag kayo’y tunay na nakatali sa Bato ng mga Kapanahunan.

44 Walang takot sa marino, gaano mang kalakas ang paghampas ng mga alon sa barko, hangga’t nakakapit ang angkla na ’yun sa ibabaw nung bundok na ’yun na nasa ilalim. Aba’t, tunay. Alam niyang mananatili ang barko. Hindi ’yun sasadsad sa kung anong bato sa kung saan. Hindi ’yun mapapadpad sa kung anong mababaw na tubig at tataob, dahil

may batayang ganap ito na nakaangkla sa ibabaw ng isang bundok.

45 At kapag ang isang tao'y makakapanalangin ng panalangin na nilakipan ng pananampalataya, at 'yung kaluluwa niya'y maiangkla roon sa Salita ng Diyos, kung saan, "ang buong kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Salita na 'yun ay di maaaring lumipas," walang takot mismo. Hayaan n'yo 'yung mga 'yun na magsidatingan, sabihin ang anumang nais nila. Ang pananampalataya natin ay nasa Diyos, tanging sa Diyos. Sinasampalatayanan natin ito.

46 May panahon noon na 'yung pamantayang asal sa hapag ng bansang ito'y nakabatay sa salita ng isang babae. Sa pagkakaalala ko ang pangalan niya ay Emily Post. Ngayon, siya 'yung batayang ganap pagdating sa asal sa hapag. Kung sabihin ni Emily Post, "Kunin mo't kainin ang gisantes mo gamit ang kutsilyo mo," 'yun na 'yun. Hmm. Yun na 'yun, dahil siya ang batayang ganap para sa asal sa hapag. Kung sabihin niya, "Inumin mo ang kape mo mula sa platito mo, at higupin mo sa paraang gusto mo," kahit na para bang wala 'yun sa ayos, 'yun at 'yun mismo ang batayang ganap. Sumusunod ang lahat dito dahil itinuturing nila siya bilang batayang ganap pagdating sa asal sa hapag.

47 Kinakailangan mismo na may isang batayang ganap tayo sa kahit ano na ginagawa natin. Kung nais nating magtamo ng anumang bagay, kinakailangan na may isang batayang ganap tayo.

48 May panahon noon na 'yung salita ni Hitler ang batayang ganap sa Alemanya. Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba, 'yung salita ni Hitler ang batayang ganap. Kung sabihin niya, "Mamatay sila," aba'y mamamatay sila. Kung sabihin niya, "Pabayaan silang mabuhay," aba'y mabubuhay sila. At kung sabihin niya, "Sumabak tayo sa giyera," o, "Huwag tayong sumabak sa giyera," anuman ang gawin natin, 'yung salita't salita niya ang batayang ganap.

49 May panahon noon na may batayang ganap ang Italya. Yun 'yung salita ng diktador nila, na si Mussolini, kung anong sabihin niya na gawin. Bali-balita na 'yung tsuper daw niya'y dumating, nang isang minutong mas maaga, para sunduin siya. Binaril niya. Bakit? Sinabi niya kasi, "Ayaw ko na narito ka nang isang minutong mas maaga. Gusto kong narito ka mismo nang eksakto, eksaktong oras." Kita n'yo? Ang salita niya'y batayang ganap. Yumuyuko dun ang buong Italya.

50 May panahon noon na ang Faraon, sa Egipto, ang batayang ganap. Pero kita n'yo . . .

51 Pero lahat nitong mga desisyon na pinagpasyahan nila ay gawang-taong desisyon, at lahat mismo'y bumagsak. Bakit? Dahil hindi nakabatay ang mga 'yun sa tao . . . O hindi nakabatay

’yun sa Salita ng Diyos na inilaan sa buhay ng tao. Gusto ko’t, umaasa ako, na aangkla ’yun. Kung umaasa tayo na makapagligtas ng buhay ng tao, kailangan nating bumatay mismo sa Salita ng Diyos at sa plano ng Diyos para sa buhay ng tao. At ang tanging paraan para matagpuan n’yo ito, ay ang hanapin ito sa Kanyang Salita, at sampalatayanan ito.

52 Ngayon, hayan nga, ang mga Faraon noon, nasa Egipto ako di pa katagalan, at sa palagay ko kinakailangan nilang maghukay nang dalawampung talampakang lalim sa lupa, para madiskubre ’yung—’yung dako kung saan nauupo noon ang Faraon bilang hari ng lupa.

53 At ang mga dakilang Herodes, at iba pa, na nagpasa-pasahan sa kasaysayan, haya’t nakita natin na bumagsak ang mga kaharian nila’t naglaho na.

54 Pero may isang Kaharian na higit sa lahat na mga kaharian. Napakataas nito’t abot-kalangitan hanggang sa di mismo ito kailanman lilipas. At Doon ay nakaupo ang isang Hari, na, kapag gagawa Siya ng Kanyang pasya ukol sa anumang bagay, at paniniwalaan natin ang pasya na ’yun, ’yun na ang nag-iisang batayang ganap. Magiging ganoon mismo kahit ano pa ang sabi-sabihin ninuman ukol dito. Sa tuwina’y ganoon ito.

55 Ngayon, ang Korte Suprema natin. Ang Korte Suprema natin, ito—ito ’yung batayang ganap mismo, ang wakas ng lahat ng mga paglilitis. Ngayon, kailangan nga na may ganoon tayo. Marahil kung minsa’y di tayo sang-ayon sa pasya nito. Gaya nung, di sila sang-ayon kay Hitler, at sa iba pa. Pero sa kabila nun ay kinakailangan natin mismo ng ganoong batayang ganap. At ang batayang ganap ng bansa’t mga paglilitis ay ang Korte Suprema. Maaaring litisin ng mga lokal nating korte ang anumang bagay at magproklama ng *ganito*, pero ang Korte Suprema ang nangingibabaw sa lahat ng ito. Kailangan may ganoon tayo. Bilang isang bansa, kailangan natin nung pasya nito, dahil nakatali ang isang bansa sa batayang ganap na ito ng Korte Suprema. Buweno.

Lahat ng bagay ay marapat na may isang batayang ganap.

56 Alam n’yo ba na maski karaniwang laro ng beysbol ay may batayang ganap? Oo. Ano ang batayang ganap ng isang larong beysbol? Yung umpire. Ano kaya kung walang umpire, kita n’yo, isang umpire? Saan man kayo nakapanig, anumang anggulo ang nasisilip n’yo at sasabihin n’yo, “Bola,” tapos ang sabi ng umpire, “Strike,” buweno, ’yun nga ’yun, isa ’yung strike. Bakit? Dahil, ang salita niya, kahit na ano pa ang sabihin ng mga nasa upuan, anuman ang sabihin ng iba, strike ang hatol dahil strike ang tawag niya, at siya ang umpire. Ngayon, ano kaya kung walang umpire? Magkakaroon ng matinding bangayan, at magkakagulo ang lahat, hanggang sa di na kayo makapagpatuloy ng laro. Kaya

naman, kailangan n'yo ng batayang ganap, para maipagpatuloy ang laro. Kailangan ganoon.

57 Ngayon, kailangan talaga ng isang batayang ganap, sa ilaw-trapiko. O ang ilaw-trapiko ang batayang ganap, ang ibig kong sabihin, para sa trapiko. Ano kaya kung walang ilaw-trapiko? O ano kaya kung nakapatay ang ilaw-trapiko, at dadaan kayo roon sa kalsada? At may isa na paparating sa gawing *ito*, at sabi niya, "Ngayon, ako ang nauna rito. Kailangan ako ang tatawid." Tapos sabi naman nung isa, "Huli na ako sa trabaho." Buhol-buhol na trapiko ba, naku't mabubuhol talaga kayo. Pero, kita n'yo, ang ilaw-trapiko ang nag-aayos. Yun ang batayang ganap. Kung berde ang ilaw, usad. Kung pula, hinto. Kung walang ganoon na—na ilaw-trapiko, haya't magkakabuhol-buhol talaga ang trapiko.

58 At 'yan ang problema sa Cristianong pananampalataya sa panahon ngayon. Napakarami nating pagkakabuhol-buhol, lahat ay kanya-kanya nang gawa ng batayang ganap.

59 Samantalang, may isa lang tayong Batayang Ganap, at 'yun ang Salita ng buhay na Diyos. Yun na 'yun magpakailanman, kahit ano pa ang sabihin ng iba.

60 Halos humantong na ito sa kalagayan tulad noong panahon ng mga Hukom, lahat ay may sari-sariling batayang ganap. Pero lahat ng 'yun ay bumagsak, gaya ng mga Faraon at iba pa.

61 Pero ang batayang ganap ng Diyos ay ang Kanyang Salita. Ibinigay Niya Ito, "At ang kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit hindi Ito kailanman lilipas." Gusto ko 'yan.

62 Ngayon, wala na tayong gaanong oras, kaya tingnan na lamang natin pansumandali ang ilang tao na humantong sa krisis, at 'yung mga sandali na nasa bingit na mismo ang kamatayan, tulad ng kinatatayuan natin ngayong gabi, at tumanggap sila roon ng isang batayang ganap. Kapanayamin natin ang ilan sa kanila.

63 Balikan natin ang isang matandang kuwento na pamilyar na sa ating lahat, panahon ito noon na patong-patong na mismo ang kasalanan sa mundo hanggang sa ang Diyos ay nasusuka na't napagod na rito, at wawasakin na ang mundo. At binigyan ng Diyos si Noe ng isang batayang ganap, 'yun 'yung Salita Niya. At, kahit ano pa, 'yung batayang ganap na 'yun ay para sa kaligtasan ng mga tao. Alam ni Noe na ang mundo'y mamamatay. At ibinigay sa kanya ng Diyos ang batayang ganap, at 'yun 'yung Salita Niya, mismo, para iligtas ang Kanyang bayan mula sa kamatayan. Ngayon, ano 'yung batayang ganap, para iligtas ang mga tao mula sa kamatayan noong panahon ni Noe? Ang Salita ng Diyos. Yun 'yung batayang ganap, kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba.

64 Ang sabihin man ng siyensiya, "Walang ulan doon sa itaas. Kaya naming tutukan ang buwan gamit ang mga instrumento

namin. Walang ulan doon. Papaano bababa ang ulan?" Kung sinabi ng Diyos na may ulan na babagsak, haya't may kakayahan ang Diyos na maglagay ng ulan sa himpapawid, kung sinabi Niya mismo.

65 Ipinagpatuloy ni Noe ang gawain niya, nang panatag, at naghanda ng isang daong para sa kaligtasan ng mga tao. Dahil, may isang batayang ganap na ibinigay sa mga tao, na sila'y maliligtas kung tatanggapin nila ang inilaang daan ng Diyos para sa batayang ganap na ito.

66 Kaya, heto, kung minsan, kapag tinatanggap natin ang batayang ganap . . . Nais kong sabihin ito dahil sa mga magulang ng mga kabataang ito, itong gusto kong sabihin sa inyo pansumandali. Ngayon, kung 'yung . . .

67 Kung minsan, kapag tinatanggap natin ito, haya't sinusubok tayo, para makita kung talagang nananampalataya nga tayo rito. Tayo—tayo . . . Kadalasan na ginagawa 'yan ng Diyos. At ang ginagawa ng Diyos . . .

68 Hindi Niya maaaring baguhin ang programa Niya, dahil Siya Mismo ang Kanyang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin. Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kaya, noon pa ma'y ang Diyos na.

69 Kapag Siya'y tinawag sa eksena, para kumilos, at doon sa desisyon na Kanyang pinagpasyahan, marapat lamang na Siya'y manatili sa desisyon na 'yun magpakailanman. Hindi Niya ito maaaring baguhin, dahil Siya'y walang hanggan.

70 Ngayon, ako nga'y nagagawa kong baguhin ang pasya ko, kayo man ay nagagawa n'yo, dahil may hangganan tayo. Hayan mismo, na nagkakamali tayo.

71 Pero hindi maaaring baguhin ng Diyos ang Kanyang pasya, dahil Siya'y walang hanggan, at ang Kanyang—Kanyang pasya ay ganap, sa tuwina. Hindi Niya maaaring sabihin, "Mali pala Ako *rito*, kaya babaguhin Ko ang pasya Ko," dahil ipapakita lang nun na nagbabago pala ang Diyos. At ang Diyos ay di maaaring magbago, ganoon din ang Kanyang Salita na di maaaring magbago. Siya'y pareho pa rin, sa tuwina.

72 Kaya, binigyan ng Diyos si Noe ng isang pagsubok, matapos na tanggapin niya ang Kanyang batayang ganap. Pumasok si Noe sa daong. Isinara ng Diyos ang pinto sa likuran niya. Walang alinlangan na sinabi nila, "Ngayon, sa umaga, magkakaroon na ng mga itim na ulap. At magkakaroon ng kulog at kidlat, at babagsak na ang mga ulan." Pero, alam n'yo, noong sumunod na araw, sumikat ang araw na kasing igting gaya ng dati.

73 Nakikinita ko nga, na sabi nung mga alanganing mananampalataya, "Aakyat kami. Baka tama 'yung matandang lalaki ukol dun. Haya't, baka mali ang siyensiya, na marahil

may—may ulan talaga sa itaas doon." Pero, tandaan n'yo, hindi pa noon kailanman umuulan.

74 Pero, pagkatapos, noong ikalawang araw, 'yung araw ay kasing igting pa rin nung kung paano dati; ikatlo, ikaapat, ikalima, ikaanim, at maging hanggang ikapitong araw. Pero umakyat na si Noe sa silid sa itaas, para mamatyagan niya ang kalangitan. At noong ikapitong umaga na 'yun, noong dumating na ang oras, noong tanggihan ng mga tao ang ganap na paraan ng kaligtasan ng Diyos, ukol sa pagliligtas ng mga buhay ng tao, nagsimulang bumuhos ang mga ulan at napuno ang mga imburnal. At 'yung—'yung bangka'y unti-unti nang umangat, at dinala nito sina Noe at ang iba pa sa ligtas. Tunay, dahil nagtitiwala sila sa Salita ng Diyos, ang batayang ganap, ang Salita ng pangako ng Diyos.

75 Gaano mang tila kasama ng situwasyon, at gaano mang dumilim, manatili pa rin na sumasampalataya sa batayang ganap n'yo.

76 Si Moises, aba't, kanya ngang, sinubukan niyang iligtas ang buhay ng mga kaawa-awang Hebreo. At 'yung situwasyon nila'y halos kasing sama, o kasing sama talaga, nung kalagayan ng dalawang kabataan dito na sinisikap nating iligtas ngayong gabi. Mga alipin sila, at basta-basta na lang sila pinagdidiskitahan na patayin, anumang oras. At nadama ni Moises sa puso niya na hindi 'yun ang—ang kalooban ng Diyos. Kaya, sinubukan niyang—sinubukan niyang gawin 'yun sa pamamagitan ng edukasyon. Sinubukan niyang gawin 'yun sa pamamagitan ng sarili niyang pagsisikap, at nasumpungan niya ang sarili na miserableng nabigo. Siya mismo'y nakagawa ng isang bagay na hindi tama, dahil kinitil niya ang buhay ng isang tao. At hindi 'yun tama.

77 Pagkatapos, nagtungo siya sa ilang at namalagi roon nang apatnapung taon. Pero, isang araw, nagpapastol siya ng mga tupa sa likurang bahagi ng disyerto, at may Liwanag sa isang palumpong. At noong makalapit si Moises sa Liwanag na 'yun, nagsalita sa kanya ang Tinig ng Diyos mula sa Haliging Apoy na 'yun na naroon sa palumpong, at ang sabi, "Moises. Moises."

At ang sabi niya, "Narito po ako, Panginoon."

78 At sabi Niya, "Hubarin mo ang panyapak mo, dahil ang lupa na kinatatayuan mo ay banal. Narinig Ko ang daing ng Aking bayan. Narinig Ko ang pagtitipon nila para sa pananalangin. Naalala Ko na nangako Ako sa kanila." Grabe, kung hindi nun pag-aalabin ang mga puso ng mga mananampalatayang Cristiano ngayong gabi! "Ako ang Diyos. Naalala Ko na ipinangako Ko ito." Talagang nakabatay sa Kasulatan ang Tinig na 'yun! At sabi Niya, "Moises, isusugo Kita roon para ilabas sila." At si Moises . . .

79 Mangyari nga, gaya ng sinabi ko sa simula, kapag tinanggap n'yo ang batayang ganap na 'yun ng Diyos, ibubunsod kayo nito na gawin ang mga bagay, na buweno, kung minsan nga'y katawa-tawa, sa paningin ng mga tao. Maiisip n'yo ba 'yun, isang lalaki na tumakbo para takasan ang mga taga-Egipto, tapos kinaumagahan, matapos na makita ang batayang ganap na ito. . .

80 Ang Salita na ito ng Diyos ay nagsaysay sa kanya ng positibong patotoo, dahil 'yun ang Salita. Naroon ang pangako, at 'yung pagpapatibay ng dakilang Diyos ng paglikha, kung papaanong nagpamalas Siya ng himala sa—sa harapan ni Moises, at ipinakita na Siya'y isang Diyos ng paglikha.

81 At si Moises, noong kinaumagahan, isinama niya ang asawa niya at isinakay sa isang mola, karga ang—ang anak niya sa kanyang balakang. At 'yung otsenta anyos na matanda, na abot ang balbas hanggang sa baywang niya, nangingintab ang kalbo niyang ulo, tapos may hawak na baluktot na tungkod sa kanyang kamay, papunta ng Egipto, sumisigaw nang ubod-lakas niyang makakaya.

"Saan ka papunta, Moises?"

"Papunta akong Egipto, para manakop."

"Manakop?"

82 Solong pagsalakay mismo! Bakit? May batayang ganap siya. May taglay siya na isang bagay. Dala niya ang Salita ng Diyos, na maaari niyang tindigan. Isang lalaki na walumpung taong gulang na, na may dalang mola, at isang tungkod sa kanyang kamay. Yun lang ang dala-dala niya. Para bang sasalakay nang mag-isa sa Rusya, kung sa panahon ngayon. Pero nagpunta pa rin siya't nanaig, dahil may batayang ganap siya. Nakausap niya ang Diyos. Narinig niya ang Tinig ng Diyos. At siya. . . Ang nangyari nga'y, nagawa niya. Tama. Bakit? Naroon kasi 'yun sa kanya sa lahat ng mga araw ng kanyang buhay. Isa 'yung batayang ganap.

83 Walang tao ang may karapatan na sumampa sa pulpito, para ipangaral ang Ebanghelyo, maliban na siya mismo'y nakapaglakad na sa mga sagradong buhanginang 'yun, kung saan walang agnostiko o di-mananampalataya ang makakapagpaliwanag palayo nung sobrenatural ng Diyos. Hindi noon pinahintulutan ni Jesus na mangaral ang Kanyang mga alagad, kahit na gaano pa nila Siyang kakilala; kinailangan nilang magtungo sa bayan ng Jerusalem, maghintay roon hanggang sa sila'y masangkapan ng Kapangyarihan mula sa Itaas. Kinailangan nilang magtamo mismo ng ganoong karanasan.

84 Si Moises, alam na niya noon pa na isa siyang propeta, alam na niya noon pa na siya'y lumaki para sa layunin na ito, pero kung wala 'yung personal na pakikipag-ugnayan na 'yun, 'yung

Batayang Ganap na ’yun, na bagay na nagpatunay sa kanya na kapag pumunta siya roon, ay dadalhin niya ang paglaya para sa bayan na ’yun. Hindi na siya tulad ng dati. Nagpunta siya roon dahil nasa kanya na ang batayang ganap, at ginawa niya nang eksakto kung ano ang sinabi ng Diyos sa kanya na gawin. Walang takot sa puso niya, noong ihagis niya ’yung mga ahas, o ’yung mga tungkod, at naging ahas ang mga ’yun. At ’yung karnal na mga manggagaya’y lumapit dala-dala ang sarili nilang uri ng pagmiministeryo, at naghagis ng tungkod at ginawa ang parehong bagay. Ginawa ni Moises nang eksakto kung ano mismo ang sinabi ng Diyos sa kanya na gawin. Wala nga siyang dapat gawin na iba kundi tumayo lang nang tahimik at masdan ang kaluwalhatian ng Diyos. Pagkatapos nakita natin na kinuha ng Diyos ang kanyang ahas at kinain nun ang iba. Ganoon ang pamamaraan na ipinamalas. Tiyak na tiyak siya na ang Diyos na may kakayahan na sabihin ’yun sa kanya, ay may kakayahan na lingapin siya sa mahirap na situwasyon na ’yun.

85 Hindi kaya tayo ngayong gabi, sa batayan ng pagbibigay nung binatang ’yun ng kanyang puso kay Cristo, ay tumindig tayo sa batayang ganap na ito, na may kakayahan ang Diyos na gawing posible ang mga imposible! May kakayahan Siya na baguhin ang mga puso ng mga huwes! Bakit tayo nag-aalala nang labis-labis, ukol sa kung anu-anong ibang bagay? Unahin natin ang Diyos, una sa lahat. Ibalik ito sa pangako. Ipinangako ito ng Diyos, na—na gagawin Niya ito.

86 Kaya, alalahanin n’yo, si Moises noon pa man ay iba nang tao dahil tinanggap niya ang Salita ng Diyos at sinampalatayanan Ito. At kamit niya ang pangako na pinatunayan sa kanya.

Ilan kaya ang puwede pa nating banggitin? Wala na tayong oras.

87 Noong sinusulat ko itong listahan, ngayong araw, naisulat ko rito si Daniel, kung papaanong ito, ang nangyari nga’y, napatawan siya ng parusang kamatayan dahil sa kanyang—kanyang pananalangin sa iba raw na diyos. Pero nakaugnay niya ang Diyos, at alam niya na may kakayahan ang Diyos na siya’y ingatan.

88 Yung mga binatang Hebreo, ipapatapon sila sa nag-aapoy na hurno at masusunog sila sa tindi ng init, pitong ulit ba namang mainit kaysa sa nakagawiang init nung hurno. Yung mga binatang Hebreo’y nanampalataya sa Diyos. Sabi nila, “May kakayahan ang Diyos namin na iligtas kami mula sa hurnong ito.” Bakit? Taglay nila ang isang batayang ganap. Nasa kanila ang Salita ng Diyos.

89 At kung ang Diyos na may kakayahang magligtas sa kanila na mga binatang Hebreo palabas ng seldang ’yun ng kamatayan ng nag-aapoy na hurno, gaano pa kaya na may kakayahan Siyang iligtas ang munting binatang Judio rito, na naroon sa

isang selda ng kamatayan? Gaano pa kaya na Kanyang. . . At Siya'y ang siya pa ring Diyos na Jehovah kung ano na Siya noon pa man. Tayo, gaya ni apostol Pablo, ay nauunawaan natin na ang Diyos ding 'yun ay nabubuhay ngayon, "Kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kaya naman, ang mga Cristiano'y makakakapit sa di-nagbabagong kamay ng Diyos, at mababago ang buong situwasyon. Binababago ng panalangin ang mga bagay-bagay. Yun ang hangad nating gawin.

90 Papaano naman 'yung kay Josue noon? Papaano niya tatawirin ang Jordan? Mistulang kakaibang militar ang Diyos, na anupa't napili pa mismo ang buwan ng Abril, kung kailan ganoong kataas ang tubig. Pero ang sabi Niya kay Josue, "Dalhin mo ang kaban at sumulong ka." Yun lang ang kailangan niyang gawin. At pinaurong ng Diyos ang Jordan at gumawa ng tuyong lupa, at tumawid sila't naligtas. Ganoon nga!

91 Hindi nakapagtatakang nasabi ni Josue, "Para sa akin at sa aking sambahayan, kami'y maglilingkod sa Panginoon."

92 Ganoon din si David, ang dakilang patriyarka na 'yun, gusto pa sana natin siyang pag-usapan, pero wala na tayong oras, pero, haya't maraming beses, gaya ng narinig na natin na ipinangusap kanina ng isang kapatid tungkol kay David at sa kasalanan niya, pero mangyari mismo, na ang lahat ng 'yun ay pinatawad, noong papunta siya noon sa labanan, at ang tawag natin dun sa mundo, "dehado ang mga pitsa," at 'yung kalaban ay napakalakas, at nahiga roon sa ilalim ng puno si David, at pawis na pawis, hanggang sa marinig niya ang tunog na dumaan sa mga palumpong ng morales, haya't nabago mismo ang situwasyon. Tumindig si David at sumulong, dahil nagtaglay siya ng batayang ganap, na alam niyang ang Diyos 'yun na nangunguna sa kanya.

93 Hindi ba tayo maaaring makapanalangin ng panalangin na may kalakip na pananampalataya na dadalhin ang Diyos doon sa lupon ng parole sa dako roon? Tiyak, na magagawa natin. Naniniwala tayo na magagawa natin, kung makapanghahawakan tayo sa batayang ganap na 'yun.

94 "Kung papaanong tinawag ni Abraham ang mga bagay, na wala pa, na tila hayag na," dahil taglay niya ang ganap na pangako mula sa Diyos, na ibibigay sa kanya ng Diyos ang kanyang. . . bibigyan siya ng anak kay Sarah. At noong si Sarah ay sandaang taong gulang na, o siya, at si Sarah nama'y siyamnapu, "Hindi pa rin siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di pananampalataya, kundi lumakas pa, na nagbibigay ng papuri sa Diyos." At inaangkin natin na tayo'y mga anak ni Abraham. Noong si Abraham. . .

95 Samantalang, naisulat na sa atin ang Biblia magmula pa noong panahon ni Abraham, at sa lahat ng mga saksi na dumaan, na tinutupad ni Jehovah ang Kanyang Salita, na si

Cristo ay ang Anak ng Diyos. Siya ang Tagapamagitan sa pagitan ng tao at ng Diyos, at wala nang ibang tagapamagitan maliban sa Kanya. At nangakong, “Kung hihilingin ninyo sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan, ito’y ipagkakaloob.” At inaangkin natin na tayo’y mga anak ni Abraham. Noong, “Tinawag ni Abraham ang mga bagay, na hayag na, kahit tila hindi pa, dahil nanampalataya siya sa Diyos.” Walang pasubali. Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko.

Ang buhay ni Pablo na nakasentro kay Cristo ay ang batayang ganap niya. Yun ang nagtali sa kanya.

96 Si Cristo ang batayang ganap ng pagkabuhay na mag-uli, gaya ng nababasa natin dito. Sabi niya, “Nanumpa ang Diyos ng isang panunumpa, kay David, na hindi Niya iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno.” Ang isang panunumpa’y katapusan ng lahat ng pagtatalo. “At nanumpa Siya na hindi Niya iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno, bagkus ay ibabangon Siya.” At kaya nagtiwala Siya sa Diyos, at ipinako sa krus; namatay, bumangon mag-uli, at umakyat sa Langit, dahil nanampalataya Siya sa Diyos.

97 Gaano pa kaya, yamang nagpakita na Siya ng isang halimbawa, na maaari nating kunin ang batayang ganap! Kung nagawang kunin ’yun ni Cristo, sa isang pangako na ’yun doon, gaano pa kaya na makukuha natin ito, sa libo-libong mga pangako! At naroon ang Dugo ni Jesus Cristo para linisin ang daan natin, at itawid tayo sa malaking bangin na ’yun ng kasalanan na naghihiwalay sa atin, ’yung di-pagsampalataya, hiwalay sa Diyos, at dadalhin tayo mismo sa Kanyang Presensya, para makipag-usap sa Kanya, gaano pa kaya ito! Oo. Kinakailangan natin na may kamit tayong batayang ganap.

98 Iniisip ko ang isa ngayon, bilang pagtatapos, si George Washington po, noong musmos pa lang ang Amerika’t nakikipaglaban tayo para sa buhay, para sa buhay ng dakilang bansang ito na mayroon tayo. Si George Washington ay isang Cristiano. Isa siyang mananampalataya. At doon sa Valley Forge, naikuwento sa akin na ’yung mga sundalong Amerikano dun noo’y may ano lang, halos sangkatlo lang sa kanila, ang may suot na sapatos. At grabeng lamig nung panahon na ’yun ng taglamig, at zero ang temperatura, at nagyeyelo’t umaapaw ang ilog. At ’yung mga Briton ay nasa kabilang panig. At nasa peligro noon ang buhay ng munting bansa na ito.

99 Anong ginawa niya? Isa siyang Cristiano. Lumabas siya nang dis-oras ng gabi’t lumuhod sa niyebe, at nanalangin hanggang sa siya’y basang-basa nung tubig ng niyebe hanggang sa may baywang niya. At nanatili siya roon at nanalangin hanggang sa makamit niya ang batayang ganap, ’yung katugunan mula sa Diyos, na ipagkakaloob sa kanya ng Diyos ang katagumpayan.

100 At kinabukasan, hindi niya alintana ang Valley Forge. Tinawid niya ang Delaware, sinuong ang yelo kasama ang mga sundalong kapos sa damit, halos manigas sa lamig, 'yung nakayapak nilang mga paa'y nakatuntong sa lupa, sa niyebe. At hinarap niya 'yun, kahit na tatlong bala ng mahabang baril ang tumagos sa amerikana niya. Bakit? Nagtiwala siya sa batayang ganap na tinugon na ang panalangin. Amen. Ang pinaka pundasyon ng bansa natin ay nakabatay mismo sa ganoong bagay.

101 Anong nangyayari sa mga tao sa panahon ngayon na nag-aangking mga Cristiano? Bakit tayo nababagabag sa oras na gaya nito? Huwag tayong mabagabag. Tayo'y maging mga sundalo. Siyanga, po.

102 Nanalangin siya hanggang sa makuha niya ang sagot na 'yun. Kaya naman, walang mahamog na ilog, ni mga sundalong nakayapak, kahit ano ang sirkumstansya, haya't kinaya nila dahil sinabi mismo ng Diyos. Di siya kayang kitilin maski ng bala, na galing sa mahabang baril ng kaaway. Tunay. Bakit? Nagdaos siya ng pagtitipon para sa pananalangin. Nakuha niya ang tugon.

103 Napakainam nga nung isang gabi na 'yun, noong nasa bilangguan si Apostol Pedro, at papatayin na sana nila siya kinaumagahan. Papatayin sana siya sa ilalim ng parusang kamatayan, gaya ng mangyayari sa munting Judio na ito ngayon. Pero anong ginawa nila? Ginawa nila 'yung bagay na sinisikap nating gawin dito sa Houston. Nagdaos sila ng pagtitipon para sa pananalangin sa bahay ni Juan Marcos. Habang sila'y nananalangin, nagpunta ang Anghel ng Panginoon sa bilangguan, at binuksan ang mga rehas ng bilangguan, at binuksan ang mga pintuan. At higit pa roon, ay pinangunahan si Pedro palabas, at nagpunta siya sa pagtitipon para sa pananalangin.

104 Naniniwala ako, na ngayong gabi, ang siya ring Diyos na 'yun ay nabubuhay. Kung hindi Siya ang siya pa ring Diyos, kung ganoon may bagay na mali. Tunay.

105 Anong ibinunsod nun? Sa pamamagitan ng isang pagtitipon para sa pananalangin, ng mga tapat na Cristiano na nanampalataya, at nanampalatayang ililigtas ng Diyos ang kapatid nila mula sa parusang kamatayan. Sila'y mga Cristiano na nanatili magdamag at nakapatirapang subsob ang mga mukha, at nagsumamo at nanalangin.

106 Narinig ko ang isa sa mga ministro, kanina, na nabanggit niyang siya'y magsusumamo, magdamag. At ang problema rito, sa panahon ngayon, nagpapahapay-hapay ang mga tao. Napapagod sila agad, inaantok. Ni hindi nila kayang maupo sa loob ng sampung-minutong gawain, halos. Buweno, may—may bagay na mali.

107 Kung iniibig n'yo ang Diyos, buweno, dapat tayo'y maging abala. Yun dapat ang ating—ang ating mga pag-asa, ang ating mga mithi. Marapat lamang. Lahat ng nasa kaibuturan natin ay dapat na nasa pag-ibig kay Cristo. Amen. Nauupo tayo na grabe ang katamaran. Nauupo tayo na wala man lang malasakit, samantalang namamatay na ang mundo sa paanan natin. Ganoon nga. Namamatay na lang ang mga tao, nang walang Diyos, at nauupo tayo na grabeng—grabeng walang malasakit ukol dito. Hangga't paanib-anib tayo sa iglesya, 'yun lang ang iniisip natin na mahalaga.

108 Nangangaral ako tungkol sa Pagparito ni Cristo, ilang linggo na ang nakararaan, sa isang simbahan. At pagkatapos may kumausap sa akin sa likod ng simbahan, at sabi, "Kapatid na Branham, tinatakot mo nang husto ang mga tao."

Sabi ko, "Bakit ko naman gagawin 'yun?"

109 Sabi niya, "Buweno, nangungusap ka kasi tungkol sa Pagparito ni Cristo. Ayaw kong makarinig ng ganoong mga bagay. May maliit akong anak na lalaki rito na kailangan kong palakihin. May anak na babae rin ako na nagi-eskuwela."

110 "Oh," sabi ko, "ang Pagparito ni Cristo ang pinakamaluwalhating bagay na naiisip ko." Tunay. Kita n'yo?

111 Sinabi ng Biblia, "Lahat ng *naghahangad* ng Kanyang pagpapakita." Oh, grabe, sa araw na 'yun na ang matandang mortal na ito'y magbibihis na ng walang kamatayan, at itong—itong bahay-peste na pinapanahanan ko ay mababago, sa isang iglap, sa isang kisapmata, at magiging isang katawan na gaya ng Kanyang Sariling maluwalhating katawan! Ito dapat ang hinahangad ng puso ng Iglesya. Dapat bawat lalaki't babae, ay mag-alab, mangaral sa mga lansangan at sa lahat ng iba pang dako, pinagsusumikapan na makaakay ng mga kaluluwa. Tunay.

112 Napapaisip ako kung tayo kaya'y nakatali talaga dun sa batayang ganap gaya ng inaangkin natin. Nakatingin ba tayo roon sa tamang tala sa umaga? Kung nagtitiwala lang tayo sa iglesya natin at sa denominasyon natin, sa samahan natin; habang pabago-bago ang mundo, pabago-bago rin 'yun kasabay nun, paikot-ikot.

113 Pero may isang Bituwin na hindi kailanman nagbabago. May isang bagay na hindi kailanman maaaring magbago, 'yun ay ang Diyos. Hindi maaaring magbago ang Diyos. Hindi maaaring magbago ang Kanyang Salita. Hindi maaaring magbago ang Kanyang Biblia. At kung ipinanganak ang isang tao ng Espiritu ng Diyos, na nasa kanya si Cristo, sasang-ayunan nito nang may diin ang bawat pangako ng "amen." Tama 'yun. Tunay.

114 Oh, tunay, isang pagtitipon para sa pananalangin ang kailangan natin. Dapat tayong maging mga Cristiano. Lahat ng mga Cristiano'y kinakailangan na gamitin itong parehong

Batayang Ganap na ito, ang Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ang pinapanatilihan ng Cristiano.

115 Sinabi ni Jesus, sa Kanyang Salita, “Kung kayo’y nananatili sa Akin, ang Aking mga Salita ay nananatili sa inyo, kung ganoon ay maaari ninyong hingin ang anumang inyong nais, at ito’y gagawin para sa inyo.” Bulayin n’yo ’yun. Ano pa bang ibang batayang ganap ang hahanapin n’yo? Ano pa bang iba ang mas pagkakatiwalaan n’yo kaysa sa isang bagay na tulad nun? “Kung kayo’y nananatili sa Akin, ang Aking mga Salita’y nananatili sa inyo, kung ganoon ay hingin ninyo ang anumang inyong nais.”

116 Ang hilingin sa Diyos na kumilos sa puso ng huwes na ’yun, o lupon ng mga tagagawad ng parole, at palabasin ang munting kabataan mula sa selda ng kamatayan na ’yun, kung hihilingin natin ito nang may pananampalataya, na nananampalataya, sa mga pagtitipon na ito para sa pananalangin, matatamo natin ’yun. Haya’t, ganoon na lamang ang pananampalataya ko sa Diyos.

117 At ang pananampalataya na taglay ko sa Diyos, ’yan ang dahilan kung bakit nandito ako ngayong gabi. Yan ang dahilan kung bakit kinansela ko ang iba pang iskedyul, at nagpunta rito. Magmamaneho pa ako nang daan-daang milya ngayong gabi, pabalik ng Tucson, Arizona, dahil naparito ako para ilakip ang pananampalataya ko kasama ng sa inyo. Tao ang naroon. Isang kaluluwa mismo ang naroon. Isang tao na nangangailangan. At tayo na mga Cristiano ay kailangang gumising sa isang realidad, sa tunay, na totoong pananampalataya, ibigkis ito sa Salita ng Diyos, at isamo ang pangakong ’yun. Siyanga, po. Oh, naku! “Kung kayo’y nananatili sa Akin, at ang Salita Ko’y nananatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais.”

118 At muli, “Kung ang bayan na tinawag sa pamamagitan ng Aking Pangalan ay magtitipon nang sama-sama at mananalangin, Akin ngang didinggin mula sa Langit.” Pagtitipon para sa pananalangin, ’yun nga ito.

119 Naniniwala ako sa pakikipag-usap sa mga atorni’t pakikipag-usap sa mga abogado, o mga huwes, o sa lupon ng tagagawad ng parole, o kung ano pa. Mainam ’yun. Pero, kapatid, kung hindi nakatali ang pag-asa mo sa isang bagay at nakaasa lang sa mga karnal na tao na may pag-iisip, o, pag-iisip ng tao, pala, siguradong lugmok na kabiguan ang matatamo mo.

120 Pero kung maitatali n’yo ang pananampalataya n’yo sa isang dako na alam mo, at mananatili roon at mananalangin hanggang sa tumugon ang Diyos, at alam n’yong nasa puso n’yo ito, haya’t may bagay mismo na mangyayari.

121 Nakakita na ako ng patay na nabuhay mula sa punerarya. Nakakita na ako ng—ng bulag na mga mata na iminulat, ang mga binging tainga na nakarinig. Nakakita na ako ng mga kaso

ng kanser, na may sarcomang kanser, ketong, na pinagaling ng kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Dahil, may pananampalataya sila para sampalatayanan na ang Diyos na 'yun, na Siyang nangako, ay kayang tuparin ang Kanyang pangako. Yan ang tunay, na dalisay na pananampalatayang tulad sa taglay ni Abraham.

122 Matali kayo roon. Manatili roon at manalangin. Hindi lang basta luluhod, tapos, "Diyos, iligtas Mo po ang kaawa-awang munting binata at pauwiin na siya." Ganoon ang gusto nating lahat na mangyari. Pero manatili tayo hanggang sa may mangyari. Oh! Kapag may bagay na na nangyari, hayan nga, na maaaring bumaba ang katiyakang 'yun sa kalagitnaan ng munting sandakot ng mga tao rito na nakaupo sa awditoryum dito ngayong gabi, haya't maaaring bumaba sa kalagitnaan natin mismo, ang sapat na pananampalataya at kapangyarihan ng Diyos, kung magagawa nating makapanalangin nang maigting, hanggang sa maabot natin ang tunguhing-layon na 'yun, hanggang sa ang batayang ganap na 'yun ay bumaba, ang siya ring Haliging Apoy na 'yun na nakuhanan dito sa Houston, ng kamera ni Ted Kipperman, labindalawang taon na ang nakalipas. Narito Siya ngayong gabi, nang kasing dakila pa rin kung paano Siya noon, para iligtas ang kabataang 'yun, kung masasampalatayanan lamang natin, dahil Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko. Kaya naparito ako para ihandog ang panalangin ko kalakip nung sa inyong lahat na ililigtas ng Diyos ang buhay nila.

123 Haya't kung makakapanalangin kayo nang maigting, hanggang sa makuha n'yo ang tugon, matanggap n'yo ang katiyakan, gaya ng natanggap ni Washington, gaya ng natanggap ni Juan Marcos, gaya ng natanggap ni Daniel, gaya ng natanggap ni Moises, hanggang sa matanggap n'yo ang isang batayang ganap, isang bagay na alam n'yo na makakapitan n'yo, kung ganoon, "Sa ibabaw ng batayang ganap na ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya," at hindi Yun matututulan ng lahat ng mga korte sa bansa. Ganoon nga. Sa ibabaw Niyaon!

124 Ang mismong Diyos na kayang kumuha ng isang hamak na Judiong hugis-tuka ang ilong gaya ni Pablo, na galit at susugod dun para patayin ang lahat ng mga Cristiano sa ilalim ng parusang kamatayan, at kaya siyang baguhin at gawin siyang kalugod-lugod na Cristiano, ang siya ring Diyos na 'yun ay nabubuhay ngayong gabi, na kayang baguhin ang batas patungo sa biyaya, anumang oras na naisin Niyang gawin ito. Hallelujah! Babansagan din naman akong holy-roller, ano't anuman, kaya mas mabuting simulan ko na ngayon. Sinasampalatayanan ko ang Diyos na 'yun. Amen. Siyanga, po.

125 Pagkatapos sa Marcos 11:22, kapag nakapanalangin na kayo nang maigting. Sabi Niya, "Katotohanan, katotohanang,

sinasabi ko sa inyo, manampalataya kayo sa Diyos. Sinasabi Ko sa inyo, kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, ‘Malipat ka.’” Kapag dumating na sa inyo ang batayang ganap na ’yun, kapag napahiran na kayo nung Espiritung ’yun na higit sa lahat ng siyentipikong kontrol sa ibayo, bago pa nagkaroon ng isang atom o molekyula, ang Isa na ’yun na bumigkas at umiral ang lahat ng bagay, at kapag nakaangkla na roon ang kaluluwa n’yo, wala nang kung anong bagay na makapipigil dito. Ganoon nga. “Sabihin ninyo sa bundok na ito, ‘Malipat ka,’ at hindi mag-aalinlangan sa puso n’yo, bagkus sasampalataya na ang sinabi n’yo ay mangyayari, mapapasainyo ang sinabi n’yo.” Kung hindi ba’t isa ’yung batayang ganap na mapanghahawakan! Tunay, ito nga. Ganoon nga, isang batayang ganap.

126 Ngayon, ang bansa’y may batayang ganap. Ang buhay-pamilya n’yo ay may batayang-ganap. Lahat ng dako mismo, kung makakamit ang anumang inaabot, kinakailangan na may batayang ganap ito.

127 Pinasasalamatan natin ang abogado rito. Pinasasalamatan natin, oh, ang lahat ng iba pang kalalakihan. Ang mabait na kapelyan dito galing ng California, at kahanga-hanga mismong mensahe! At—at ang kapatid natin na nagsumikap na makalikom ng pera at lahat na, para tulungan ang kaawa-awang babae rito, at—at ang mga anak niya, para mapalaya sila. Maiinam ang lahat ng ’yun. Pinasasalamatan natin ’yan, at sinusuportahan ko ’yan.

128 Pero may isang bagay na higit pa roon, mga kaibigan, sa pagtatapos natin nitong pagtitipon ngayong gabi: Kinakailangan nating itali ito sa isang batayang ganap, isang pagtitipon para sa pananalangin sa harap ng Diyos, na magdadala ng paglaya mula sa siya ring Diyos na Jehovah. Siya’y Diyos pa rin ngayong gabi kung papaano Siya noon. Hallelujah! Sinasampalatayanan n’yo ba?

129 Tumayo tayo, kung ganoon, at ngayong gabi ay magdaos tayo ng pagtitipon para sa pananalangin dito, hanggang sa may mangyari na isang batayang ganap. Itaas natin ang mga kamay natin sa harap ng Diyos. Manalangin kayo hanggang sa makamtan n’yo ang tunguhin, hanggang sa may isang batayang ganap na lumapag sa inyong puso.

130 Panginoong Diyos, ipadala Mo po ang Iyong Espiritu Santo, at magsugo Ka’t palayain ang mga kabataang ’yun sa dako roon, Panginoon. Naroon sila sa mga dako ng mga anino ng kamatayan. May bagay na napipintong mangyari, Panginoon, at dalangin namin na ang mga pagtitipong ito para sa pananalangin ay magpasiklab ng Apoy. Sinasampalatayanan Kita, Panginoon. Tinatanggap ko ito, at nananampalataya ako na Iyong ililigtas ang mga kabataang ’yun. Iyo pong ipagkaloob

ito, Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Kami, na Iyong Iglesya, ay hinihiling ito, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Amen.

63-0304 Isang Batayang Ganap
City Auditorium
Houston, Texas U.S.A.

TAGALOG

©2026 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org